Lakambini (Version 2)

Ebe Dancel

Kung ito na ang huli kong liham
Ayoko syang masayang sa isang paalam
Sa isang paalam

Dahil ako ay mabubuhay sa yong mga alaala
At sa puso mo, diwa ko'y titira
Di mo na ako kailangang hanapin pa
Pikit ka lang sinta, ako ay nariyan na

Sa buhay mang ito o sa kabilang mundo
Hanggat may pag asang dumadaloy sa akin at sa yo
Hanggat pagibig ay panig sa atin, kumagat man ang dilim
Wag mangamba, dahil liwanag tayo ng isa't isa

O lakambini ko, buhay ng buhay ko
San ka man patungo, dalhin mo ako
Wag ka nang matakot, mundo'y hayaan nang umikot
Darating din ang panahon ng hinahon

Di mo na ako kailangang hanapin pa
Pikit ka lang sinta, ako ay nariyan na

Sa buhay mang ito o sa kabilang mundo
Hanggat may pag asang dumadaloy sa akin at sa yo
Hanggat pagibig ay panig sa atin, kumagat man ang dilim
Wag mangamba, dahil liwanag tayo ng isa't isa

Tištěno z pisnicky-akordy.cz

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!